AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 1 - 2
## Aralin 25

| Pambungad |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang galugarin ang kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong* ***"When Zero Left Number Land" na isinulat ni Maita Songco Salvador.*** *Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Reading for Grades 1 - 2 - Aralin 25** |
|---|
| Book Title: When Zero Left Number Land |
| Author: Maita Songco Salvador |
| Source: Adarna House / Buribooks |
| Magandang araw! Kumusta na tayong lahat ngayon? Ako si Teacher Hams 👩🏻🏫 para sa Reading lesson natin! 💜📚 Ang babasahin nating ngayong araw ay ang istoryang pinamagatang "When Zero Left Number Land" ni Binibining Maita Songco Salvador. 👩🏻💼<br><br>🙏🏽 **PANGAKO PARA SA ARALING ITO**<br>Bago tayo magsimula, ipangako natin sa isa't isang ating:<br><br>(1) Dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng storya 📣<br>(2) Dadamdamin at sisikaping intindihin ang kwento at, 🤓<br>(3) Hindi matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽<br><br>Pangako 'yan kada kwento natin, ha? ☺ |

💬 **TALASALITAAN**
Para mas maintindihan nang husto ang kwento, tingnan muna natin ang iilang mga salita sa ibabang makikita natin sa kwento; baka hindi pamilyar ang mga ito sa atin! Maaari rin magtanong sa ating nakatatanda kung ano ang ibig sabihin ng mga 'to kung kailangan ng karagdagang paliwanag! 🤔

(1) **Silbi** - kwenta o kahalagahan
(2) **Kawalan** - walang halaga
(3) **Pagpupulong** - pagtitipon

Kayang-kaya 'to! Tara, simula na tayo!
--

📚 **WHEN ZERO LEFT NUMBER LAND NI MAITA SONGCO SALVADOR**
*Bigkasin natin ang bawat linya* 📣

• Sa mahiwagang Lupain ng Numero 🏞️, may nakatirang sampung bilang. Magkakasama silang nagtatawanan at naglalaro. Masigla silang sumasayaw at kumakanta na tila walang masamang mangyayari.

• Nang dumating ang isang araw sa Nobyembre 📅, sinabi ni bilang Siyam 9️⃣💬, "Ano ba ang espesyal kay Zero? Siya ang pinakamababa sa lahat. Magkakaroon ba siya ng silbi kung katumbas siya ng kawalan?"

• Alam ni Siyam na narinig ni Walo ang lahat ng kaniyang sinabi. Ipinasa ito ni Walo kay Pito, at sinabi naman ni Pito kay Anim. Naku, mapapasama kaya dito ang mga numero? 8️⃣💬7️⃣💬6️⃣

• Kinuwento ni Anim kay Lima, na nagsabi naman kay Apat - na siyang patuloy na nagpasa ng balita kay Tatlo, at kay Dalawa, hanggang nakarating kay Isa. Alam ni Isa ang dapat gawin - ibinulong niya kay Zero ang kaniyang narinig. 6️⃣💬5️⃣💬4️⃣💬3️⃣💬2️⃣💬1️⃣💬0️⃣

• Sa sobrang lungkot ni Zero, nag-impake ito ng kaniyang gamit at piniling umalis. Naglakad siya nang naglakad, at walang kinausap, sapagkat gusto niya lamang makahanap ng lugar upang mamahinga.

• Habang siya'y naglalakad, natagpuan niya ang daan tungo sa isang bayan at saka napahinto sa isang kalye na nagsasabing "Kapitbahayan ng Alpabeto." 0️⃣🏕️

• Doon niya nakilala ang mga titik sa Alpabeto - ang masisigasig na A hanggang Z. Napatingin sila nang kakaiba kay Zero, kaya't ikinuwento nito ang nangyari sa kaniya.

• "Naging bahagi ako ng pamilyang tulad nito. Ngunit naramdaman kong wala ako sa lugar, kaya dali-dali akong umalis. Maaari kaya akong tumira dito? Ang maging bahagi ng Alpabeto? Maaasahan niyong mabuti naman akong kapitbahay!"

• Nagsagawa ng isang pagpupulong ang mga titik sa kanilang munting bundok. Naisipan nilang magbotohan, at muntik nilang narating ang iisang panig.

• Halos lahat sila ay nagkasundo, maliban kay tandang titik O, na buong-pusong nagsabi ng "Oh, nako, nako, nako! Paano ako papayag kung kami'y magkamukha? Hindi ba't mahirap at baka kayo ay malito?"

• Dahil dito, ang kawawang si Zero ay kinailangang maglakbay ulit. Aabutin ng hanggang saan, makahanap lamang ng tahanan. Bigla siyang napaluha nang madatnan ang dating kaibigan.0️⃣🛤️1️⃣

• "Nalungkot kami nang umalis ka, kaibigang Zero! Maaari ka bang bumalik sa amin? Noong wala ka, ang Lupain ng Numero ay talagang nagkagulo! Sapagkat hindi kami makapagbilang nang tulad sa dating paraan."1️⃣💬0️⃣

• "Hanggang Siyam lamang ang inaabot ng pagbilang, at hindi na makahihigit pa. Kaya, kung maaari, umuwi ka na sa atin. Pakiusap, pakiusap, ang aming paumanhin ay sana iyong matanggap."1️⃣💬

• "Wala ka nang kailangang sabihin pa, ako'y nakapagpasya. Babalik na ako sa ating mga kaibigan, upang magbilang, nang walang katapusan."0️⃣💬

• Naglakbay papauwi ang pares na Isa at Zero. Magkahawak, sabay silang nagawi sa dating daan tungo sa alam nilang tahanan.🔟🏞️

--

At natapos natin ang istorya! 🤩

Apir! 🙏

✏️ **GAWAIN**
Para sa ating gawain, balikan natin ang kwento.

🔎 Sa simula, nabanggit kung saan nakatira ang sampung bilang. Naaalala mo ba?

Tama! 🤗 Sa mahiwagang Lupain ng Numero 🏞️ nakatira ang sampung bilang. Ikaw, saan ka nakatira? 🤔

🔎 Sinu-sino ang sampung bilang?

Magaling! 🤗 Sila ay sina Isa1️⃣ Dalawa2️⃣ Tatlo3️⃣ Apat4️⃣ Lima5️⃣ Anim6️⃣ Pito7️⃣ Walo8️⃣ Siyam9️⃣ at Zero0️⃣ Ikaw ba, maaari mo bang isulat ang mga pangalan ng iyong kasama sa bahay?✍️

🔎 Saan nakarating si Zero noong siya'y umalis sa mahiwagang Lupain ng Numero?

Mahusay! 🤗 Habang siya'y naglalakad, natagpuan niya ang daan tungo sa isang bayan at saka napahinto sa isang kalye na nagsasabing "Kapitbahayan ng Alpabeto."0️⃣🏕️ Kung ikaw si Zero, saan ka pupunta?

✔️🙏🏽 **PAGTATAPOS**

Bago matapos ang ating aralin, ating pag-isipan: Kung ikaw si Zero, aalis ka rin ba sa mahiwagang Lupain ng Numero dahil nalaman mong pinag-iisipan ka ng iyong mga kasama sa tirahan na walang silbi? 🤔

Ano man ang iyong sagot, huwag mo sanang kalimutan na ang lahat ng tao ay may halaga. May sarili tayong layunin upang mabuhay. Kailan nga lang maghintay sa tamang panahon upang malaman kung ano ito. Kaya naman, isipin na tayo ay espesyal at may halaga - sa Diyos 😇, sa ating pamilya 👨👩👦👦, sa ating mga kaibigan 👧🏻👦🏻, at sa ibang tao.

May parte ba ng aralin ang nahirapan kayo? O may gusto ba kayong ibahaging mga kasagutan sa grupo natin? Magmensahe lang kayo sa grupo, o maaari rin imensahe si Teacher. ❤️

-

This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.